



SPORT LEXAN WINDSHIELD

PANGKALAHATAN

Numero ng Kit

58192-87A

Mga Modelo

Ang kit na ito ay kasya sa 1987 at mas bagong mga modelo na may 39mm fork at headlight eyebrow.

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

TALA

Palaging banlawan muna ng tubig upang maalís ang buhangin at lumambot ang dumi. Hugasan ng banayad na likidong sabon, maraming maligamgam na tubig, at malinis at malambot na tela o sponge. Banlawan nang maigi upang maalís ang lahat ng natirang sabon. Tuyoín gamit ang chamois, flannel o mamasa-masang sponge upang maiwasan ang mga marka ng tubig.

Pintura, grasa: Gumamit ng bulak na may kaunting turpentine, at sundan ng hugas tulad ng inilarawan sa itaas. Gumagana rin ito sa mga naiwan ng label.

TALA

Kapag nagkaroon ng maliit na gasgas o galos sa iyong windshield, pwede itong mabawasan gamit ang non-cleaning, non-silicone automotive polish. Padadaliin din ng polish ang paglilinis. Ang mga produktong ito ay tila nagpapakintab ng mga gasgas, kaya hindi na nakikita ang mga ito; Harley Glaze polish and sealant (p/n 99701-84), Johnson's Paste Wax, Maguiar's Mirror-glaze, Simonize Wax.

PAUNAWA

Ang mga windshield ng Harley-Davidson ay gawa sa Lexan. Ang Lexan ay isang mas matibay at di-bumabaluktot na materyal kumpara sa iba pang mga uri ng materyal na windshield ng motorsiklo, ngunit nangangailangan pa rin ng pansin at pangangalaga upang mapanatili. Kapag hindi maayos na napanatili ang Lexan, maaari itong magresulta sa pagkapinsala ng windshield. (00230b)

Mga Nilalaman ng Kit

Talahanayan 1. Mga Nilalaman ng Kit

Paglalarawan	Qty	Paglalarawan	Qty
U-clamp, 1 in.	2	Rubber Bushing	4
Nut, 3/8 in. Whizlok	2	Nut, 10-32 in. Whizlok	2
Washer, Beveled	4	Upright, Maikli	2
Cup Spacer	2	Fork Clamp, 39mm na may Nut	2
Eyebolt, 3/8-16 in.	2	Angle Bracket	2

Talahanayan 1. Mga Nilalaman ng Kit

Paglalarawan	Qty	Paglalarawan	Qty
Lock Washer, Internal	2	Turnilyo, Button Head Socket, 1/4-20 x 3/4 in.	2
Snap Cap	2	Washer, Flat, 1/4 ID	2
Turnilyo, Nylon, 10-32 x 1 in.	3	Upright, Mahaba	2
Washer, Dished	2	Windshield	1
Washer, Flat, 10 x 3/4 in.	4		

PAGKAKABIT

TALA

Ang pagkakabit na ito ay mangangailangan ng flat blade screwdriver, 9/16 in. wrench, at 3/16 in. hex wrench.

1. Tingnan ang Figura 1. Suportahan ang windshield sa ibabaw na hindi nakakagaspas at maglagay ng upright sa bawat socket. HUWAG GUMAMIT NG LANGIS, GRASA, O SILICONE. Gumamit ng tubig o laway bilang lubricant.




Figure 1. Mga Upright sa Shield

2. Tingnan ang Figura 2. Ilagay ang "U" clamp (6) sa palibot ng nakatayong bahagi ng handlebar habang nakaharap ang bukas na panig ng "U" clamp sa harapan.
3. Ilagay ang cup spacer (2) at internal lock washer (3) sa eyebolt (1).
4. Isingit ang eyebolt (1) sa ibaba ng "U" clamp (6) mula sa labas ng handlebar. Kasabay nito, magsingit ng dalawang beveled washer (4) sa eyebolt sa loob ng "U" clamp (magkakaharap ang mga bevel), isa sa bawat panig ng handlebar.
5. Simulan ang mga whizlok nut (5) sa eyebolt (1), ngunit huwag higitan.






Figure 2. I-assemble ang "U" Clamp

6. Tingnan ang Figura 3. Ikalat ang mga fork clamp (4) at ilagay sa pinakataas ng mga fork tube nang sa gayon ay nasa labas at nakaturo sa harap ang patag na bahagi, pigain nang maigi ang mga clamp sa mga fork.
7. I-bolt ang mga angle bracket (3) sa mga fork clamp gamit ang mga button hex screw (2) at mga flat washer (1). Tuturo palabas ang mga dulo ng mga angle bracket.
8. Huwag higpitan nang husto ang mga turnilyo.




Figure 3. I-assemble ang Pang-ibabang Mount

9. Tingnan ang Figura 4. Isingit ang upright sa "mga mata" ng eyebolt at higpitan ang mga nut sa eyebolts hanggang sa masikip na ito.

10. I-assemble ang mga pang-ibabang mount sa sumusunod na pagkakasunod-sunod (harapan hanggang sa likuran): nylon screw (2), dished washer (3), flat washer (4), rubber bushing (5), windshield, rubber bushing (8), flat washer (7), angle bracket, whizlok nut (6).
11. Ipantay ang shield para sa ninanais na anggulo at isentro ito mula sa bawat gilid. Dapat nakapatong ang gasket sa takip ng headlight.
12. Higpitan ang hardware sa sumusunod na pagkakasunod-sunod: mga eyebolt, nylon screws, tapos fork clamp bolts.
13. Ikabit ang mga snap cap (1) sa ibabaw ng mga nylon screw (2).




Figure 4. Mount Shield